Isaisip Natin

ABAKADA

Uri ng Pangungusap
(Pasalaysay at Pautos o Pakiusap)

- Pangungusap na Pasalaysay - pangungusap na nagsasalaysay o nagsasabi tungkol sa isang kaisipan. Nagsisimula ito sa malaking titik at nagtatapos sa bantas na tuldok (.) .

Halimbawa: Mahalaga ang gulay sa ating katawan.
Ang magsasaka ang nagtatanim ng gulay.

- Pangungusap na Pautos o Pakiusap - pangungusap na nag-uutos o nakikiusap. Nagsisimula ito sa malaking titik at nagtatapos sa bantas na tuldok (.) o tandang pananong (?).

*Ang pangungusap na nag-uutos ay nagtatapos sa bantas na tuldok (.) dahil ito ay nagsasabi ng dapat gawin.

*Ang pangungusap na nakikiusap ay nagtatapos naman sa bantas na tandang pananong (?) dahil ito ay gumagamit ng mga salitang nakikiusap tulad ng puwede ba o maaari ba.

Halimbawa: Kailangan mong ubusin ang iyong kanin at gulay.
Maaari mo bang ubusin ang iyong pagkain?